# Mga Patakaran at Pamamalakad Para sa Araling-Pambahay Kindergarten hanggang Grado 12

**Mga Tiyakang Pamamalakad**

Ang talahanayan sa ibaba ay mga patakaran at pamamalakad para sa araling-pambahay na inilunsad ng Dufferin-Peel. Isinasaad dito ang mga tiyakang inaasahan sa bawa't mga dibisyon na kaugnay sa uri at bilang ng araling-pambahay.

| | |
|---|---|
| **Kindergarten:** *Tinutukoy ng mga nananaliksik ang isang matibay na koneksyon sa pagitan ng pakikisali ng pamilya at ang mga natatamo ng mag-aaral.* | |
| Ang mga natututuhan sa labas ng silid-aralan ng Kindergarten ay kinasasangkutan ng pakikipaglaro, pakikipag-usap, pakikinig, panonood at pagbabasa ng magkasama sa Ingles o sa sariling wika ng pamilya. *Maaaring magkaloob ang guro ng mga suhestiyon at mga kagamitan para sa mga gawaing opsiyonal sa labas ng silid-aralan (hal., Snuggle Up na aklat, atbp.). Ang iba pang mga karagdagang suhestiyon ay makukuha sa http://www.gov.on.ca/children. | Ang araling-pambahay ay **hindi*** dapat ipagkakaloob sa mga mag-aaral ng kindergarten. |
| **Primarya (Mga Grado 1-3):** *Tinutukoy ng mga nananaliksik ang isang matibay na koneksyon sa pagitan ng mga natatamo ng mag-aaral at ang pagbabasa sa o kasama ng mga mag-aaral mula sa primaryang mga grado sa Ingles o sa sariling wika ng pamilya.* | |
| Ang araling-pambahay sa mga higit na mababang grado ay nararapat lamang na kasangkutan ng mga pagbabasa, paglalaro, pakikipagtalakayan, pakikinig, panonood at mga gawaing nagtutulungan katulad ng paglilikha at pagluluto kasama ng pamilya. Ang iba pang mga karagdagang suhestiyon ay makukuha sa http://www.gov.on.ca/children. Sa mataas na primaryang mga grado, ang araling-pambahay ay nararapat lamang na magsimula sa mga gawaing pang-indipendiyente o pansarili. | Ang pang-araw-araw na araling-pambahay ay nararapat lamang na limitado ang lahat-lahat sa **humigit-kumulang na 20 minuto sa pangkaraniwan**. |
| **Nakababata (Mga Grado 4-6):** *Tinutukoy ng mga nananaliksik na ang araling-pambahay ay nagbibigay benepisyo sa mga mag-aaral ng mga nakababatang grado, lalo na sa mga inaasal ng mag-aaral sa paaralan at sa kanilang pag-aaral.* | |
| Ang araling-pambahay sa mga nakababatang grado, ay maaaring sa pamamagitan ng mga gawaing pang-indipendiyente. | Ang pang-araw-araw na araling-pambahay ay nararapat lamang na limitado ang lahat-lahat sa **humigit-kumulang na 40 minuto sa pangkaraniwan**. |
| **Pangkalagitnaan (Mga Grado 7 & 8):** *Tinutukoy ng mga nananaliksik na ang araling-pambahay para sa mga mag-aaral ng pangkalagitnaang mga grado ay makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang matatamo.* | |
| Ang araling-pambahay ay nararapat lamang na buong layuning plano upang maiwasan ang kalabisan ng mga aralin. | Ang pang-araw-araw na araling-pambahay para sa lahat ng mga asignatura ay nararapat lamang na limitado ang lahat-lahat sa **humigit-kumulang na 40 minuto sa pangkaraniwan**. |
| **Pangkalagitnaang Segundaryo (Mga Grado 9 & 10):** *Kung tinutukoy ng mga nananaliksik na kabilang sa mga benepisyong kasangkot sa araling-pambahay ay sadyang pambihira para sa segundaryong mga grado, sinusuhestiyon din ng mga ebidensya na pangkaraniwang kaakibat ang pagkabahala at tensyon ng mga mag-aaral mula sa grupong ito ang anumang bagay na araling-pambahay.* | |
| Ang araling-pambahay ay nararapat lamang na buong layuning plano upang maiwasan ang kalabisan ng mga aralin. | Ang mga araling-pambahay sa bawa't araw at sa bawa't kurso ay nararapat lamang na limitado sa **humigit-kumulang na 20 minuto sa pangkaraniwan**. |
| **Pinakamataas na Segundaryo (Mga Grado 11 & 12):** *Kung tinutukoy ng mga nananaliksik kabilang sa mga benepisyong kasangkot sa araling-pambahay ay sadyang pambihira para sa pinakamataas na mga grado, sinusuhestiyon din ng mga ebidensya na pangkaraniwang kaakibat ang pagkabahala at tensyon ng mga mag-aaral mula sa grupong ito ang anumang bagay na araling-pambahay.* | |
| Ang araling-pambahay ay nararapat lamang na buong layuing plano upang maiwasan ang kalabisan ng mga aralin. | Ang mga araling-pambahay sa bawa't araw at sa bawa't kurso ay nararapat lamang na limitado sa **humigit-kumulang na 30 minuto sa pangkaraniwan**. |